*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim II

Ika-18 ng Enero, 2026

{ Ika-2 Linggo sa Karaniwang Panahon }

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Banal na Pagmamahal, dakila ka sa lahat,
Ligaya ka ng langit, sa lupa ay laganap.
Sa aming mga tao, awa mo ay igawad,
Pagpapalang sagana, amin nawang matanggap.

Sa iyo nanggagaling, lahat ng awa't habag,
Walang hanggang pag-ibig, Hesus 'yong ginaganap.
Halina't idulot mo ang biyayang tumatag,
Upang manatili kang kasama hanggang wakas.

Dakilain ang Ama sa kanyang kapurihan
Na kasama ng Anak, at Espiritung Banal,
Di kayo mahahati, iisang Diyos lamang,
Laging dadakilain at pasasalamatan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Ang Panginoong Hesukristo ay pari magpakailanman, katulad ni Melquisedec noong una.

*Salmo 110:1-5, 7*

*(Ang Mesiyas, hari at pari)*

Sinabi ng PANGINOON,
Sa Hari ko't PANGINOON,
"Maupo ka sa kanan ko,
Hanggang ang kaaway mo,
Ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo."

Magmula sa dakong Sion,
Ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop;
"At lahat ng kaaway mo'y
Sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

Sasamahan ka ng madla,
Kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway;
Magmula sa mga bundok,
Lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

Ang PANGINOON ay may pangako
Na ito'y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay:
"Katulad ni Melquisedec,
Gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan."

Ang PANGINOON ay naroroong
Nakaupo sa kanan mo, at pag siya ay nagalit,
Ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

Sa batis sa lansangan,
Itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan;
Sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang Panginoong Hesukristo ay pari magpakailanman, katulad ni Melquisedec noong una.

*Antipona 2*

Ang Diyos ay nananahan sa langit at napangyayari niya ang anumang kanyang nais.

*Salmo 115*

*(Kapurihan ng tunay na Diyos)*

Tanging sa 'yo lamang, PANGINOON, ang dakilang karangalan,
Hindi namin maaangkin, pagkat ito'y iyo lamang;
Dahilan sa ikaw'y tapat at wagas ang pagmamahal.
Ganito ang laging tanong sa amin ng mga bansa:
"Nasaan ba ang inyong Diyos?" ang palaging winiwika.

Ang Diyos nami'y nasa langit, naroroon ang Diyos namin,
At ang kanyang ginagawa ay kung ano ang ibigin.
Ginawa sa ginto't pilak ang kanilang mga diyos,
Sa kanila'y mga kamay nitong tao ang nag-ayos.

Totoo nga at may bibig, ngunit hindi magsalita,
At hindi rin makakita, mga matang sadyang-sadya;
At hindi rin makarinig ang kanilang mga tainga,
Ni hindi rin makaamoy ang ginawang ilong nila.

Totoo nga na mayroong kamay ngunit walang pakiramdam,
Mga paa'y mayroon din ngunit hindi maihakbang.
Ni wala kang naririnig kahit gamunting tinig man.
Ang gumawa sa kanila at pati ang nagtiwala,
Sana ay makatulad din ng gayong diyos na ginawa.

Ikaw, bayan ng Israel, magtiwala sa PANGINOON,
Siya ang iyong sanggalang, laging handa na tumulong.
Kayong mga saserdote sa Diyos ay magtiwala,
Kayo'y kanyang iingata't ilalayo sa masama.

Sa PANGINOON ay magtiwala, kayong may takot sa kanya,
Pagkat siya ang tutulong at sa inyo'y mag-aadya.
Ang Diyos ay magpapala, hindi tayo lilimutin,
Pagpapala'y matatamo nitong bayan ng Israel;

Pati mga saserdote'y may pagpapalang kakamtin.
Sa lahat ng mayro'ng takot, Diyos din ang magpapala,
Kung magpala'y pantay-pantay, maliit man o dakila.
Sana kayo'y paramihin, kayo at ang inyong angkan,
Anak ninyo ay dumami, lumaki ang inyong bilang.

Pagpalain sana kayo, pagpalain kayong lubos,
Pagpalain ng lumikha ng langit at sansinukob.
PANGINOON ang may-ari ng buong sangkalangitan,
Samantalang ang daigdig ay sa tao ibinigay.

Di na siya mapupuri niyong mga taong patay,
Niyong mga nahihimlay sa malamig na libingan.
Tayo ngayong nabubuhay ang dapat magpasalamat,
Siya'y dapat na purihin, mula ngayon, hanggang wakas. Amen.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang Diyos ay nananahan sa langit at napangyayari niya ang anumang kanyang nais.

*Antipona 3*

Purihin ang Diyos, lahat kayong mga naglilingkod sa kanya, maging dakila at hamak.

*Awit: Pahayag 19:1-7*

*(Ang kasal ng Kordero)*

Purihin ang PANGINOON!
Ang pagliligtas, ang karangalan,
At ang kapangyarihan ay tanging sa Diyos!
Matuwid at tama ang kanyang hatol!

Purihin ninyo ang ating Diyos,
Kayong lahat na mga lingkod niya,
Maging dakila at hamak,
Kayong may banal na takot sa kanya!

Purihin ang PANGINOON!
Sapagkat naghahari ang PANGINOON,
Ang ating Diyos na makapangyarihan sa lahat!
Dapat tayong magalak at magsaya.

Purihin natin ang kadakilaan niya
Dahil sa nalalapit na kasal ng Kordero.
Nakahanda na ang kasintahang babae.
Purihin ang PANGINOON.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Purihin ang Diyos, lahat kayong mga naglilingkod sa kanya, maging dakila at hamak.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*2 Tesalonica 2:13-14*

Dapat kaming magpasalamat sa Diyos tuwina dahil sa inyo, mga kapatid na minamahal ng PANGINOON. Nagpapasalamat kami sapagkat hinirang niya kayo upang maunang pagkalooban ng kaligtasan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritung nagpapabanal sa inyo at ng inyong paniniwala sa katotohanan. Tinawag kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Mabuting Balitang ipinahayag namin sa inyo upang makasama sa kaluwalhatian ng ating PANGINOONG Hesukristo.

*Tugunan*

Dakila ang ating Panginoon, siya'y makapangyarihan.

— Dakila ang ating Panginoon, siya'y makapangyarihan.

Walang kaparis ang kanyang karunungan,

— siya'y makapangyarihan.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Dakila ang ating Panginoon, siya'y makapangyarihan.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

May kasalan sa Cana ng Galilea, at naroon si Hesus kasama ng kanyang inang si Maria.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng

Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

May kasalan sa Cana ng Galilea, at naroon si Hesus kasama ng kanyang inang si Maria.

## Pangkalahatang Panalangin

Kay Kristo ang lahat ng kapurihan at karangalan! Nabubuhay siyang walang hanggan upang maging Tagapamagitan natin. Nagagawa niyang iligtas ang lahat ng tumatawag sa Ama sa kanyang pangalan. Sa pananalig na ito, sa kanya'y tumawag tayo:

— Alalahanin ang iyong bayan, Panginoon.

Sa paglipas ng maghapon, O Panginoong Liwanag ng katarungan, tumatawag kami sa iyong ngalan para sa sangkatauhan, upang magtamasa ang lahat ng tao ng iyong paggabay na di nagkukulang.

— Alalahanin ang iyong bayan, Panginoon.

Panatilihin mo ang iyong tipan na pinagtibay ng iyong dugo. Gawing malinis at pabanalin ang Simbahang itinatag mo.

— Alalahanin ang iyong bayan, Panginoon.

Alalahanin mo, Panginoon, ang pagtitipon ng iyong sambayanan,
ang tirahang iyong pinananahanan.

— Alalahanin ang iyong bayan, Panginoon.

Gabayan ang mga naglalakbay sa daan ng kapayapaan at kasaganaan,
upang makarating sila sa kanilang patutunguhan nang ligtas at may kagalakan.

— Alalahanin ang iyong bayan, Panginoon.

Tanggapin, Panginoon, ang mga kaluluwa ng mga yumao,
pagkalooban sila ng iyong biyaya at ng walang hanggang buhay na kaloob mo.

— Alalahanin ang iyong bayan, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama naming makapangyarihan,
dinggin mo ang aming dasal,
at ipakita sa amin ang daan
tungo sa kapayapaan ng sanlibutan.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA
*www.ebreviary.com*